State of California-Health and Human Services Agency
**Department of Health Care Services**
P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9850

TOBY DOUGLAS
*Director*

EDMUND G. BROWN JR.
*Governor*

**PAUNAWA**
**Pagpapasya sa Pagiging Karapat-dapat para sa Community-Based Adult Services (CBAS)**

Mahal na:

Aming ipinapadala ang liham na ito sa iyo upang ipagbigay-alam sa iyo na ikaw ay natuklasan na ***karapat-dapat*** para sa Community-Based Adult Services (CBAS). Ang CBAS ay magpapahintulot sa mga karapat-dapat na tao na nasa Medi-Cal na makakuha ng dalubhasang pag-aalaga ng nars, social services, mga therapy, personal na pag-aalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya/tagapag-alaga, mga pagkain, transportasyon, at pamamahala ng kaso sa iisang sentral na lokasyon.

Ang CBAS ay magsisimula sa Marso 1, 2012. Dahil ang Department of Health Care Services ay nakipag-areglo sa demanda na *Darling, et al. v. Douglas, et al.*, ang Adult Day Health Care (ADHC) ay magtatapos sa ika-29 ng Pebrero, 2012, at ang CBAS magsisimula sa susunod na araw. Maaari mong mabasa ang kasunduan sa napag-aregluhan online sa http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/ADHC/ADHC.aspx.

**Ano ang dapat kong gawin para masimulang makakuha ng CBAS?**

- Kung ikaw ay ***kasalukuyang*** dumadalo sa isang sentro ng ADHC, dapat mong tanungin sa inyong sentro kung sila ay nagbabalak na maging isang provider ng CBAS.
- Kung ikaw ay ***kasalukuyang hindi*** dumadalo sa isang sentro ng ADHC, maaari mong malaman kung aling mga sentro ng CBAS ang maaari mong puntahan sa pamamagitan ng pagtawag sa California Department of Aging (CDA) sa (916) 419-7545.

**Paano kung ang aking sentro ng ADHC ay hindi nagbabalak na maging isang provider ng CBAS o gusto kong pumili ng ibang provider ng CBAS?**

- Isang listahan ng mga provider ng CBAS na maaari mong puntahan ay ililista sa website ng CDA simula Pebrero 15, 2012, sa http://www.aging.ca.gov/programs/adhc/adhc_centers.asp.

**o**

- Maaari mong malaman kung aling mga sentro ng CBAS ang maaari mong puntahan sa pamamagitan ng pagtawag sa California Department of Aging (CDA) sa (916) 419-7545 simula Pebrero 15, 2012.

**Makakakuha pa rin ba ako ng parehong mga serbisyo na aking natatanggap sa aking kasalukuyang sentro ng ADHC?**

Oo. Ang mga serbisyo ng CBAS ay mga parehong serbisyo na iyong tinatanggap sa iyong sentro ng ADHC. Maaari mong matutunan nang higit pa ang tungkol sa CBAS online sa http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/ADHC/ADHC.aspx.

**Sino ang dapat kong tawagan kung ako ay may mga katanungan?**

Kung ikaw ay may kahit na anong katanungan o ikinababahala, mangyari lamang tumawag sa Disability Rights California sa (800) 776-5746, TDD/TTY (800) 719-5798, o maaari kang sumulat sa:

Disability Rights California
1330 Broadway, Suite 500
Oakland, CA 94612
Darling@disabilityrightsca.org